Pag-screen ng colorectal cancer gamit ang Cologuard test

Ano ang Cologuard® test?

Humahanap ang Cologuard test ng mga palatandaan ng colon cancer sa dumi mo (tae). Ang Cologuard test ay non-invasive na screening. Mabilis at madali itong gamitin sa bahay.

Ano ang nasa loob ng Cologuard collection kit mo?

Matatanggap mo ang iyong Cologuard collection kit sa pamamagitan ng mail.

Kahon ng Pagpapadala

Mga Tagubilin ng Patnubay para sa Pasyente

Bracket

Lalagyan ng Koleksyon ng Dumi

Bote Ng Likido (Preservative)

Probe + Tube

Mga Sampol na Label

Paano ko magagamit ang aking Cologuard collection kit?

1. I-unpack ang kit mo. Basahin ang Patnubay para sa Pasyente sa loob (Ingles at Espanyol).
   - Magtakda ng paalala sa kalendaryo sa telepono mo para makumpleto ang iyong kit sa loob ng 2 linggo
2. Kolektahin ang sampol mo kapag pwede mo itong dalhin sa UPS® **sa parehong araw** o **sa susunod na araw.**
3. Ipadala ang sampol mo sa parehong araw o sa araw pagkatapos mo itong kolektahin.
   - Magpaiskedyul ng libreng UPS pick-up (**1-844-870-8870** o **Cologuard.com/UPS**).
   - Dalhin ang kit mo sa UPS. Maghanap ng mga store at oras sa **Cologuard.com/UPS**. Sarado ang ibang store tuwing Linggo o holiday
4. Makukuha ng provider ng pangangalagang pangkalusugan mo ang iyong resulta mga 2 linggo pagkatapos matanggap ng Exact Sciences Laboratories ang iyong sampol.

Panoorin ang Video na Paano Gamitin ang Cologuard (sa 13 wika)
I-scan ang QR code o pumunta sa **Cologuard.com/use**

May tanong?

Pakibisita ang **Cologuard.com** o tawagan ang Exact Sciences Laboratories sa **1-844-870-8870.**

Mga Indikasyon sa Test at Mahalagang Impormasyon sa Panganib ng Cologuard

Ang Cologuard test ay inilalaan sa para i-screen ang mga nasa hustong gulang na 45 at mas matandang nasa karaniwang panganib para sa colorectal cancer sa pamamagitan ng pag-detect ng ilang DNA marker at dugo sa dumi. Huwag gamitin kung mayroon kang mga adenoma, may inflammatory bowel disease at ilang mga namamanang syndrome, o kasaysayan ng colorectal cancer sa sarili o pamilya. Ang Cologuard test ay hindi kapalit ng colonoscopy sa mga high risk na pasyente. Ang paggana ng Cologuard sa mga nasa hustong gulang na edad 45-49 ay tinatantya batay sa malaking klinikal na pag-aaral ng mga pasyenteng 50 taong gulang at mas matanda. Ang resulta ng Cologuard test ay iminumungkahing bigyang-kahulugan nang may pag-iingat. Ang isang positibong resulta ng test ay hindi nagpapatunay sa pagkakaroon ng cancer. Ang mga pasyenteng may positibong resulta ng test ay iminumungkahing isangguni para sa colonoscopy. Ang isang negatibong resulta ng test ay hindi nagpapatunay sa kawalan ng cancer. Ang mga pasyenteng may negatibong resulta ng test ay iminumungkahing makipag-usap sa kanilang doktor kapag kailangan nilang masuring muli. Pwedeng mangyari ang mga false positive at false negative na mga resulta. Sa klinikal na pag-aaral, 13% ng mga taong walang cancer ang nakatanggap ng positibong resulta (false positive) at 8% ng mga taong may cancer ay nakatanggap ng negatibong resulta (false negative). Reseta lamang.

EXACT SCIENCES CORPORATION | 5505 Endeavor Lane, Madison, WI 53719
ExactSciences.com | ExactLabs.com | 1-844-870-8870

Ang Cologuard ay nakarehistrong trademark ng Exact Sciences Corporation.
© 2024 Exact Sciences Corporation. Lahat ng karapatan ay nakalaan. M-US-CG-03667 Hulyo 2024.

cologuard® by EXACT SCIENCES